**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 14, 229-237




# Taludtod at Talasalitaan: Pagsilip sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula

Edraga, Julie Ann De Asis ✉
*Northwest Samar State University, Philippines (julie.edraga@nwssu.edu.ph)*

**Received**: 28 July 2025 **Revised**: 6 August 2025 **Accepted**: 12 August 2025
**Available Online**: 15 August 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25251

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

---

***Abstract***

This study explores the perceptions of college students on the use of Artificial Intelligence (AI) in writing poetry, focusing on its implications for creativity, emotional depth, and linguistic expression. With the increasing integration of generative AI tools such as ChatGPT in creative writing tasks, the research aims to understand how these technologies affect students' engagement with poetic forms and language. Utilizing a mixed-methods approach, the study involved 30 student participants who responded to a survey and open-ended questions. Results revealed that while students acknowledge the convenience, speed, and linguistic accuracy offered by AI, they also express concerns about its lack of personal voice, emotional authenticity, and cultural context. The findings suggest that students value poetry as a medium of personal and affective expression, which they believe AI cannot fully replicate. The study is anchored in Constructivist Learning Theory and Technological Mediation Theory, providing a pedagogical and philosophical lens to examine AI's role in creative writing. Based on the results, the study recommends integrating critical discussions on AI ethics, authorship, and human creativity in literature and writing courses.

***Keywords:*** artipisyal na intelihensiya, pagsulat ng tula, pananaw ng mag-aaral, malikhaing pagpapahayag, AI sa edukasyon, pag-akda, ChatGPT

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Taludtod at Talasalitaan: Pagsilip sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula

## 1. Abstrak

Sinuri sa pag-aaral na ito ang pananaw ng mga mag-aaral sa kolehiyo hinggil sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (AI) sa pagsulat ng tula, na nakatuon sa implikasyon nito sa pagkamalikhain, lalim ng damdamin, at pagpapahayag sa wika. Sa patuloy na paglaganap ng paggamit ng mga generative AI tools tulad ng ChatGPT sa mga gawaing malikhaing pagsulat, layunin ng pananaliksik na maunawaan kung paano naaapektuhan ng mga teknolohiyang ito ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa anyo at wika ng tula. Gumamit ang pag-aaral ng mixed-methods approach at nilahukan ito ng 30 kalahok na sumagot sa sarbey at bukas na tanong. Lumabas sa resulta na bagama't kinikilala ng mga mag-aaral ang kaginhawahan, bilis, at katumpakan ng wika na naibibigay ng AI, ipinahayag din nila ang pangamba ukol sa kakulangan nito ng personal na tinig, tunay na damdamin, at kontekstong kultural. Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang tula bilang midyum ng personal at damdaming pagpapahayag na sa kanilang paniniwala ay hindi lubos na magagaya ng AI. Ang pag-aaral ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory at Technological Mediation Theory, na nagbibigay ng pedagogikal at pilosopikal na lente upang suriin ang papel ng AI sa malikhaing pagsulat. Batay sa mga resulta, inirerekomenda ng pag-aaral ang pagsasama ng masusing talakayan hinggil sa etika ng AI, pag-akda, at pagkamalikhain ng tao sa mga kursong panitikan at malikhaing pagsulat.

***Mga Susing Salita***: Artipisyal na Intelihensiya, pagsulat ng tula, pananaw ng mag-aaral, malikhaing pagpapahayag, AI sa edukasyon, pag-akda, ChatGPT

## 2. Introduksyon

Sa kasalukuyang panahon ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, hindi maikakaila ang patuloy na pag-usbong at paglaganap ng artipisyal na intelihensiya (AI) na hindi na lamang limitado sa mga larangan ng agham, inhinyeriya, at matematika. Unti-unti na rin itong pumapasok sa mundo ng sining at panitikan, kung saan nakaaapekto ito sa mga anyong pampanitikan tulad ng tula (Floridi, 2020; Manovich, 2022). Sa pamamagitan ng mga AI tools gaya ng ChatGPT na binuo ng OpenAI, nagiging posible para sa mga mag-aaral at manunulat ang makabuo ng mga tula sa loob lamang ng ilang minute, isang proseso na tradisyonal na nangangailangan ng masusing pagninilay, masining na gamit ng wika, at malalim na pagdama (Tirosh, 2023).

Bagaman kapansin-pansin ang ginhawang dulot ng mga ganitong teknolohiya, lumilitaw ang mga tanong ukol sa tunay na halaga at kalidad ng mga tulang nabubuo sa tulong ng AI. Nakikita ba ito ng mga mag-aaral bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagpapalawak ng kanilang malikhaing kakayahan, o bilang hadlang na maaaring makasakal sa kanilang orihinalidad at sensibilidad bilang makata? Ayon kina McCormack, Gifford, at Hutchings (2019), ang interaksyon ng tao at AI sa malikhaing proseso ay maaaring magbukas ng mga bagong posibilidad, ngunit maaari rin itong magdulot ng pagkakahiwalay sa pagitan ng emosyonal na lalim ng tao at lohikal na pagproseso ng makina.

Sa ganitong konteksto, layunin ng pag-aaral na ito na siyasatin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng AI sa pagsulat ng tula, lalo na sa aspektong masining, makatao, at pangwika. Mahalaga ang ganitong pagsusuri upang matukoy kung paano tumatagos ang teknolohiya sa mga larangang humuhubog sa kaisipan at damdamin, at kung paanong ito ay tinatanggap, tinututulan, o ginagawang katuwang ng mga kabataang Pilipino sa kanilang paglalakbay sa malikhaing pagsulat.

Marami nang pag-aaral ukol sa AI sa pangkalahatang pagsulat at sa akademikong konteksto sa Pilipinas at ibang bansa, subalit may kakulangan sa empirikal na pananaliksik na tumutok sa: (1) AI at panulaang Filipino; (2)

stage-specific na paggamit ng AI sa proseso ng paggawa ng tula; at (3) kung paano naiintindihan at binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang "emosyonal na pagiging makata" kapag ginagamit ang AI. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang punan ang bahaging ito ng literatura sa pamamagitan ng mixed-method na dokumentasyon ng pananaw at aktwal na pattern ng paggamit

## 3. Teoritikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Technological Mediation Theory nina Peter-Paul Verbeek (2011) at Don Ihde (1990), na nagbibigay-diin sa ideya na ang teknolohiya ay hindi isang neutral o pasibong kasangkapan lamang, kundi aktibong nakikialam at nakikilahok sa paraan ng pag-unawa, pagdama, at paglikha ng tao sa mundo. Ayon kay Verbeek, ang teknolohiya ay may kakayahang "mamamagitan" sa ugnayan ng tao at realidad, na may implikasyon sa kung paano iniintindi, nililikha, at isinasaalang-alang ng tao ang kaniyang kapaligiran. Sa konteksto ng panulaang nililikha sa tulong ng artipisyal na intelihensiya (AI), ang teknolohiya lalo na ang mga generative tools gaya ng ChatGPT ay hindi lamang nagbibigay ng ideya o teksto, kundi humuhubog sa mismong paraan ng malikhaing pag-iisip at ekspresyong pampanitikan.

Sa ganitong pananaw, ang AI ay maituturing na co-author ng tao, na may impluwensya hindi lamang sa estruktura ng tula kundi maging sa nilalaman, estilo, at mensaheng nais iparating. Subalit, binubuksan din nito ang usapin ng awtoridad, orihinalidad, at pagiging makatao ng likhang-sining. Ang pakikisalamuha ng mag-aaral sa AI ay hindi isang neutral na interaksyon; ito ay maaaring magpalawak sa kanilang malikhaing posibilidad, ngunit maaari ring magtakda ng hanggahan sa kanilang personal na estetiko, sensibilidad, at kakayahang makabuo ng tula na tunay na mula sa sariling kamalayan.

Kaakibat nito, ginagamit din ng pananaliksik ang Constructivist Learning Theory ni Lev Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso ng konstruksyon ng kaalaman sa pamamagitan ng pakikilahok sa lipunan at konteksto. Itinuturing ni Vygotsky ang wika at iba't ibang kasangkapan bilang mahahalagang mediational tools na nakatutulong sa pag-unlad ng kognitibo at sosyo-kultural na pagkatuto ng isang indibidwal. Sa ganitong liwanag, maaaring ituring ang AI bilang makabagong kasangkapan sa zone of proximal development (ZPD) ng mag-aaral—isang pantulong na teknolohiya na, kung gagamitin nang kritikal at may tamang gabay, ay maaaring magbigay ng scaffolding sa malikhaing pagkatuto sa pagsulat ng tula.

Gayunman, mahalaga ring isaalang-alang na hindi awtomatikong positibo ang epekto ng AI sa proseso ng pagkatuto. Kung hindi magiging mapanuri ang paggamit nito, maaaring masanay ang mga mag-aaral sa dependensiya sa teknolohiya sa halip na mapalakas ang kanilang sariling kakayahan sa masining na pagpapahayag. Kaya't ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa AI ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pag-unawa kung ang teknolohiya ay tunay ngang katuwang sa malikhaing edukasyon, o isa lamang shortcut na naglalayo sa tunay na diwa ng panulaan.

## 4. Kaugnay na Babasahin

Ayon kay Manovich (2022), ang artipisyal na intelihensiya ay hindi lamang lumilikha ng sining batay sa datos, kundi nagmumungkahi rin ng bagong estetika—isang data-driven aesthetics na mulat sa mga padron, algoritmo, at teknolohikal na impluwensiyang kaakibat ng proseso ng malikhaing produksyon. Sa ganitong pananaw, hindi na lamang ang indibidwal na damdamin at karanasan ng makata ang sentro ng paglikha, kundi pati ang computational na lohika na bumabalangkas sa mga posibleng anyo ng sining. Sa larangan ng panitikan, lalo na sa panulaan, lumilitaw ang isang uri ng tensyon: ang banggaan ng damdaming pantao at teknolohikal na istraktura ng pagsulat (Tirosh, 2023). Ipinapakita ng ganitong tensyon ang tanong kung sapat pa ba ang algorithmic sensitivity upang mapalitan o mapunan ang emotional resonance ng isang tula na likha ng tao.

Sa isang pananaliksik nina McCormack, Gifford, at Hutchings (2019), lumitaw na maraming manlilikha ang nakararanas ng ambigwidad sa paggamit ng AI: nakikita nila ito bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng malikhaing posibilidad, subalit kabalintunaang ito rin ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng personal na

boses at intensiyon sa likhang-sining. Ang ganitong kabalintunaan ay higit na nararanasan ng mga baguhang manunulat, tulad ng mga mag-aaral, na wala pang matibay na identidad pampanitikan. Para sa kanila, ang paggamit ng AI gaya ng ChatGPT ay maaaring magdulot ng tinatawag na creative dependency—isang uri ng pag-asa sa output ng teknolohiya na maaaring magpahina sa sariling kakayahan sa malikhaing pagsulat (Floridi, 2020). Gayunpaman, may positibong pananaw rin ukol dito: ang AI ay maaring magsilbing collaborative partner sa malikhaing proseso, na nagbibigay ng ideation support, stylistic enhancement, at syntactical variation na maaaring palalimin pa ang produkto ng malikhaing isip ng tao.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Adigue (2024), naglayong maunawaan ang kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pagpapahalaga sa pambansang kultura sa konteksto ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, kasabay ng paglaganap ng Artificial Intelligence. Sa pamamagitan ng mga layuning suriin ang mga pagbabago sa akademikong diskurso at kurikulum, pananaw at kaugalian ng mga akademiko, potensyal na solusyon at interbensyon, implikasyon ng Artificial Intelligence at kontribusyon sa pambansang diskurso at polisiya sa edukasyon, nagkaroon ng malalim at komprehensibong pag-unawa sa mga aspekto ng pambansang pagmamahal at pagkakakilanlan. Dito lumilitaw ang mahalagang punto ng ugnayan parehong pinapakita ng pag-aaral ni Adigue at kasalaukuyang pag-aaral na ang AI ay hindi dapat ituring na simpleng kasangkapan lamang, kundi isang pwersang dapat suriin sa konteksto ng pagpapahalaga sa pambansang pagkakakilanlan at malikhaing ekspresyon. Sa pamamagitan ng ganitong pananaw, nagkakaroon ng mas malinaw na direksyon ang paggamit ng AI sa edukasyon—isang paggamit na hindi lamang nakatuon sa pagiging episyente at makabago, kundi nakaugat sa kultura, wika, at makabayang diwa.

Bukod dito, itinuturing ng ilang iskolar ang AI-generated writing bilang bahagi ng posthuman authorship—isang ideya na lumalampas sa tradisyonal na konsepto ng may-akda at tumutungo sa kolektibong paglikha sa pagitan ng tao at makina (Hayles, 1999; LePage, 2021). Sa kontekstong ito, ang mga mag-aaral ay hindi na lamang mga passive user ng teknolohiya kundi aktibong nakikibahagi sa co-construction of meaning sa loob ng mga limitasyon ng sistemang algoritmiko. Kaya naman, ang pag-aaral sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa AI ay mahalagang hakbang upang masipat ang panibagong anyo ng pagiging makata sa makabagong panahon.

Kamakailan lamang, lumabas ang ilang empirikal na pag-aaral sa Pilipinas na sumiyasat sa pananaw at paggamit ng generative AI at iba pang AI tools sa akademikong pagsulat at malikhaing pagsulat. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng magkakatulad na pattern: kinikilala ng mga estudyante ang praktikal na benepisyo ng AI (pag-ideate, pag-wika, grammar) ngunit may pag-aalala tungkol sa orihinalidad, emosyonal na lalim, at posibleng over-reliance. Isa sa mga pag-aaral na ito ang Perceptions and Extent of Utilization of Generative AI among Filipino Students (survey sa Region I), isa itong pag-aaral sa epekto ng AI sa writing competence sa isang unibersidad, at mga artikulong tumatalakay sa AI-integrated paraphrasing at paggamit ng AI sa paglinang ng kasanayan sa malikhaing pagsulat.

Bagaman may umiiral na mga pag-aaral hinggil sa AI at pagsusulat sa Pilipinas, kakaunti ang tumutok nang partikular sa pagsusuri ng pananaw ng mga kolehiyong mag-aaral tungkol sa paggamit ng AI sa pagsulat ng tula lalo na gamit ang mixed-method na lapit na naglalapit kung paano nila ginagamit ang AI sa iba-ibang yugto ng pagbuo ng tula (brainstorming, talasalitaan, editing, kabuuang pagsulat). Dahil dito, nagiging mahalaga ang pag-aaral bilang isa sa mga kontekswalisadong pag-aaral na tumitingin sa panulaang Filipino at sa paraan ng pag-uugnay ng teknolohiya at makataong ekspresyon.

Laganap man ang pananaliksik tungkol sa AI at pagsusulat sa pangkalahatang edukasyon, ang pag-aaral na ito ay may mga bagong ambag: una, ito ay nakatutok nang partikular sa panulaang Filipino (tula) isang genre kung saan mahalaga ang emosyonal na lalim at kulturang konteksto; pangalawa, gumagamit ito ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong paraan upang masubaybayan ang mga partikular na yugto ng proseso ng pagsulat (hal., pagbuo ng ideya, paghahanap ng talasalitaan, estruktura, editing) at kung saan eksaktong umiiral ang AI bilang pantulong; at pangatlo, naglalayong iugnay ang pananaw ng mag-aaral sa mga teoryang teknolohikal

(Technological Mediation) at konstruktibismo upang magmungkahi ng pedagogikal na estratehiya para sa responsableng integrasyon ng AI sa pagtuturo ng panulaang Filipino.

## 5. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptibong metodo na sinusuportahan ng mixed-method o pinagsanib na lapit, ang kwantitatibo at kwalitatibo upang lubos na maunawaan ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng artificial intelligence (AI) sa pagsulat ng tula. Ang deskriptibong disenyo ay angkop sa layuning mailarawan ang kasalukuyang kalagayan, karanasan, at saloobin ng mga kalahok ukol sa nasabing paksa. Sa pamamagitan nito, hindi lamang makukuha ang estadistikal na datos kundi pati na rin ang mga salaysay at pagninilay na nagpapayaman sa pananaliksik. Ang kwantitatibong bahagi ay tatalima sa paggamit ng structured survey na may likert scale upang masukat ang antas ng paggamit ng AI at pananaw ng mga kalahok. Samantalang ang kwalitatibong bahagi ay magbibigay-daan sa mas malalim na pagsusuri sa kanilang personal na karanasan at paninindigan sa pamamagitan ng bukas na tanong at thematic analysis.

***Mga Kalahok -*** Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay tatlumpong (30) piling mag-aaral mula sa antas tersyarya na kumukuha ng mga kursong may kaugnayan sa Filipino, malikhaing pagsulat, panitikan, o edukasyong wika at humanidades. Pipiliin sila gamit ang purposive sampling, isang metodo ng di-probabilidad na pagkuha ng kalahok, batay sa mga tiyak na pamantayan: may karanasan sa pagsusulat ng tula; may kaalaman o karanasan sa paggamit ng AI tools tulad ng ChatGPT, Gemini, o iba pa at kusang-loob na lumahok at sumang-ayon sa ethics guidelines ng pananaliksik.

***Kagamitan at Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos -*** Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik na ito ay isang estrukturadong talatanungan (questionnaire) na inihanda batay sa layunin ng pag-aaral. Binubuo ito ng apat na bahagi:

- Antas ng Paggamit ng AI – Mga pahayag na sinusukat gamit ang 5-point Likert scale upang malaman kung gaano kadalas ginagamit ng mga mag-aaral ang AI sa iba't ibang yugto ng pagsulat ng tula (e.g., pagbuo ng ideya, estruktura, kabuuang likha).
- Pananaw sa Paggamit ng AI – Mga pahayag ukol sa damdamin, pananaw, at saloobin sa epekto ng AI sa orihinalidad, emosyon, at kalidad ng tula.
- Bukas na Tanong – Tatlong open-ended na tanong upang maisalaysay ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan, pangamba, at rekomendasyon sa paggamit ng AI sa malikhaing pagsulat.

Bago ang aktwal na distribusyon ng talatanungan, isinagawa ang pilot testing sa dalawampung (20) mag-aaral upang masuri ang pagiging malinaw, kaangkupan, at bisa ng mga tanong.

***Paraan ng Pag-aanalisa ng Datos -*** Para sa kwantitatibong bahagi, gagamitin ang descriptive statistics tulad ng mean, frequency, at percentage upang mailarawan ang antas ng paggamit ng AI at ang pananaw ng mga mag-aaral. Para sa kwalitatibong bahagi, ang mga sagot sa bukas na tanong ay isusuri gamit ang thematic analysis ni Braun & Clarke (2006). Ang mga kasagutan ay babasahin nang paulit-ulit, iko-code batay sa ugnayan ng ideya, at babansagan ng mga tema tulad ng "pagpapadali ng proseso," "kakulangan ng emosyon," "pagkalito sa orihinalidad," atbp. Magsisilbing tulong ang mga pahayag upang mas malalim na maunawaan ang kwantitatibong resulta.

***Etikal na Konsiderasyon -*** Bago magsimula ang pangangalap ng datos, ang pananaliksik na ito ay nagsumite at nakakuha ng pag-apruba mula sa pamantasang kinabibilangan ng mananaliksik. Lahat ng kalahok ay sinabihan tungkol sa layunin ng pag-aaral, boluntaryong pagsali, at karapatan nilang umatras anumang oras nang walang parusa. Isinagawa ang nakasulat na pahintulot na may malinaw na impormasyon tungkol sa kung anong uri ng datos ang kokolektahin (survey at bukas na tanong), kung paano ito gagamitin, at kung paano titiyakin ang pagiging kompidensiyal (*anonymization/pseudonymization*). Ang mga kasagutan ay iniimbak sa

ligtas na lokasyon at tanging mga mananaliksik lamang ang may akses.

## 6. Resulta at Diskusyon

***Antas ng Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula -*** Ang unang talahanayan ay tumalakay sa antas ng paggamit ng mga mag-aaral ng artificial intelligence (AI) gaya ng ChatGPT sa iba't ibang yugto ng pagsulat ng tula. Narito ang buod ng resulta:

**Talahanayan 1**

*Antas ng Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula (n = 30)*

| Gawain sa Pagsulat ng Tula | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Pagbuo ng ideya o tema | 4.21 | Madalas |
| Paghahanap ng angkop na talasalitaan | 3.89 | Paminsan-minsan |
| Pagbuo ng estruktura ng tula | 3.52 | Paminsan-minsan |
| Kabuuang pagsulat ng tula | 2.96 | Bihira |
| Pagwawasto o editing ng nilikhang tula | 3.68 | Paminsan-minsan |

Makikita sa datos na pinakamataas ang mean sa paggamit ng AI sa pagbuo ng ideya o tema (Mean = 4.21), na nagpapakita ng malawakang pagdepende ng mga mag-aaral sa teknolohiya bilang panimulang tulong. Ang AI ay tila nagsisilbing brainstorming partner sa mga mag-aaral upang mas mapabilis ang paglikha ng nilalaman. Kasunod nito, madalas din nilang gamitin ang AI para sa paghahanap ng talasalitaan (Mean = 3.89), na maaaring maiugnay sa pagnanais ng mga mag-aaral na maging mas masining o makapangyarihan ang kanilang mga linya.

Gayunman, kapansin-pansin na bihira nilang gamitin ang AI sa kabuuang pagsulat ng tula (Mean = 2.96), na nagpapahiwatig na sa kabila ng pagkonsulta sa AI, pinipili pa rin ng karamihan ang personal na paglikha at pagpapahayag. Kaugnay nito, binanggit ng ilang kalahok sa bukas na tanong na,

> *"Hindi buo ang damdamin kapag AI ang bumuo ng tula. Gusto ko pa rin na manggaling sa akin ang emosyon."*

Ipinakikita ng resulta na ginagamit ng mga mag-aaral ang AI bilang kasangkapan, hindi bilang kapalit ng kanilang sariling malikhaing kakayahan isang indikasyong may kamalayan sila sa papel ng teknolohiya bilang pantulong, hindi pamalit.

***Pananaw ng Mag-aaral sa Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula***

Talahanayan 2

*Pananaw ng Mag-aaral sa Paggamit ng AI sa Pagsulat ng Tula*

| Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nakakatulong ang AI upang mapadali ang proseso ng pagsulat | 4.45 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Ang AI ay nakapagbibigay ng mas maraming ideya kaysa sa sariling isip | 3.92 | Sumasang-ayon |
| Nalilimitahan ng AI ang aking personal na estilo sa pagsusulat | 3.56 | Paminsan-minsan |
| Ang AI-generated na tula ay may sapat na damdaming makata | 2.84 | Hindi Sumasang-ayon |
| Mas gusto kong sumulat nang walang AI | 3.61 | Sumasang-ayon |
| Ang AI ay dapat gamitin bilang katuwang, hindi kapalit. | 4.62 | Lubos na Sumasang-ayon |

Ipinapakita ng datos na nananatiling positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI bilang katuwang sa malikhaing pagsulat. Ang pinakamataas na mean ay nasa pahayag na "Ang AI ay dapat gamitin bilang katuwang, hindi kapalit" (Mean = 4.62), na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kritikal na kamalayan ng mga kalahok sa tamang gamit ng teknolohiya. Samantala, mataas din ang mean sa "Nakakatulong ang AI upang mapadali ang proseso ng pagsulat" (Mean = 4.45), na nagpapakita ng praktikal na benepisyo ng paggamit ng AI.

Gayunman, kapansin-pansin ang mababang mean (2.84) sa pahayag na "Ang AI-generated na tula ay may sapat na damdaming makata", na nagpapahiwatig na hindi pa rin itinuturing ng mga mag-aaral na ganap na makata ang mga linyang nilikha ng AI. Pinatutunayan ito ng ilang sagot sa bukas na tanong gaya ng:

*“Maganda sa anyo ang tula mula sa AI, pero parang kulang sa damdamin.”*

*“Parang puro salita lang, wala ang puso ng tula.”*

Ipinakikita ng mga pahayag na bagama’t kapaki-pakinabang ang AI sa teknikal na aspeto, nananatili ang pangangailangang ang tula ay may personal na ugnayan sa karanasan at damdamin ng makata.

***Tematik Analisis sa mga Bukas na Tanong***

**Talahanayan 3**
*Mga Tema Mula sa Kwalitatibong Sagot ng Kalahok*

| Tema | Halimbawa ng Sagot |
|---|---|
| AI bilang Panimulang Gabay | “Ginagamit ko ito para magsimula. Minsan sa title o tema lang.” |
| Pagkawala ng Emosyon | “Wala ‘yong lalim ng damdamin na parang ramdam mo.” |
| Takot sa Paghadlang ng Orihinalidad | “Kung puro AI, baka maging tamad na magsulat ang iba.” |
| Tulong sa Wika at Talasalitaan | “Minsan di ko alam ang mas angkop na salita. AI ang tumutulong.” |
| Pagpapahalaga sa Personal na Karanasan | “Mas meaningful ang tula kung galing sa karanasan ko mismo.” |

Ang thematic analysis ay nagpapakita ng limang dominanteng temang lumitaw mula sa mga sagot ng kalahok. Una, maraming mag-aaral ang ginagamit ang AI bilang panimulang tulong sa brainstorming ngunit hindi sa buong proseso. Ikalawa, malinaw ang damdamin ng ilan na hindi sapat ang AI-generated tula sa pagpapahayag ng tunay na damdamin, dahilan upang patuloy nilang gamitin ang sarili nilang karanasan at emosyon. Ikatlo, may pag-aalala ang ilan na baka sa sobrang pagdepende sa AI, ay maapektuhan ang orihinalidad ng malikhaing pagsusulat. Ikaapat, kinikilala pa rin ang AI bilang kapaki-pakinabang sa larangan ng wika, partikular sa pagpili ng angkop na salita o tugma. Panghuli, binibigyang-halaga ng mag-aaral ang personal na koneksyon sa tula bilang mahalagang bahagi ng sining ng pagtula—isang aspekto na hindi lubos na naibibigay ng AI.

***Implikasyon -*** Mahalaga para sa mga guro na makita ang AI bilang kasangkapang pedagogikal at hindi lamang bilang banta sa orihinalidad. Maaari nilang gamitin ang AI upang magpakita ng mga halimbawa ng estruktura ng tula, imahen, at talasalitaan, ngunit dapat ring bigyang-diin ang personal na boses at malikhaing interpretasyon ng mag-aaral. Dapat hikayatin ng guro ang mga estudyante na suriin ang mga mungkahi ng AI batay sa konteksto ng panitikang Filipino lalo na sa usapin ng wika, simbolismo, at pagpapahalagang kultural—upang maiwasan ang “cultural mismatch. Iminumungkahi ang paggamit ng rubrics na malinaw na naghihiwalay ng puntos para sa orihinalidad, lalim ng damdamin, at paggamit ng wika, bukod sa teknikal na aspeto ng tula. Sa ganitong paraan, mabibigyang-halaga ang kakayahan ng mag-aaral na lampasan ang awtomatikong output ng AI. Para naman sa mga mag-aaral, mahalaga na matutunang gamitin ang AI bilang “writing partner” para sa ideya at talasalitaan, ngunit manatiling nakabatay sa sariling karanasan, imahinasyon, at pagpapahalaga sa kultura sa pagbubuo ng tula. Dapat sanayin ang mga mag-aaral na mag-reflect pagkatapos gumamit ng AI ano ang mga ideyang kanila at ano ang galing sa AI, at paano nila maisasanib ang dalawang ito upang mabuo ang mas personal at mas makabuluhang akda. Sa kanilang pagsasanay bilang mga magiging guro o iskolar sa hinaharap, kailangang malinang ang pagiging tapat at malinaw sa pagbanggit ng paggamit ng AI, upang maging huwaran sa responsableng paggamit ng teknolohiya.

## 7. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, lumilitaw na positibo ngunit may pagtatakdang kamalayan ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng artificial intelligence (AI) sa malikhaing pagsulat, partikular sa tula. Bagama’t kinikilala nila ang AI bilang isang kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa pagbuo ng ideya, talasalitaan, at estruktura ng tula, nananatili ang pagpapahalaga sa orihinalidad, emosyonal na lalim, at personal na karanasan bilang pangunahing sangkap ng tunay na makata. Ang paggamit ng AI ay karaniwang limitado sa mga paunang yugto ng pagsulat, at bihira itong gamitin sa kabuuang paglikha ng tula—isang indikasyong may paninindigan pa rin ang mga mag-aaral sa malikhaing pag-iisip at hindi lubos na umaasa sa teknolohiya. Gayundin, lumitaw sa kwalitatibong datos na para sa kanila, “hindi ganap na makata ang isang tulang walang

damdamin," na sumasalamin sa kanilang pagnanais na panatilihin ang makataong aspeto ng panitikan.

Dahil dito, inirerekomenda ng pag-aaral ang mga sumusunod:

- Dapat isama sa mga kurikulum ng panitikan at malikhaing pagsulat ang mga diskusyon hinggil sa paggamit ng AI bilang katuwang sa malikhaing proseso, upang malinang ang kritikal at etikal na kaalaman ng mga mag-aaral.
- Maaaring magsagawa ng mga gawaing pampanitikan na humihikayat sa paggamit ng personal na karanasan, imahinasyon, at sariling damdamin upang mapalalim ang sining ng tula kahit sa gitna ng pag-usbong ng teknolohiya.
- Inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga workshop o seminar na nagtuturo kung paano maaaring gamitin ang AI sa larangan ng malikhaing pagsulat nang hindi isinasantabi ang kakayahang pantao.
- Hinihikayat ang mga susunod na pag-aaral na siyasatin din ang pananaw ng mga guro, manunulat, at iba pang tagalikha ng sining hinggil sa paggamit ng AI sa iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng sanaysay, dula, at nobela upang higit na mapalawak ang pag-unawa sa epekto ng teknolohiya sa kultura ng panitikan.

Sa kabuuan, ang paggamit ng AI sa malikhaing pagsulat ay hindi isang banta kundi isang hamon sa mga makata isang paanyaya upang pagsamahin ang makabagong teknolohiya at ang makataong malikhaing diwa, tungo sa panibagong anyo ng sining na may pagkilala sa parehong silbi ng isip at damdamin.

***AI Declaration Statement -*** Ako ay taos-pusong nagpapatotoo na ang mga kasangkapan ng Artificial Intelligence (AI), kabilang ang ChatGPT, ay ginamit lamang sa ilang partikular na yugto ng pananaliksik na ito bilang mga pantulong na kagamitan para sa pagbuo ng mga ideya, pagpapahusay ng wika, pagsasama at pagbubuod ng kaugnay na literatura, at pag-aayos ng nilalaman ng pananaliksik. Ang mga kasangkapang ito ay hindi kailanman pumalit sa mapanuring pagsusuri, malikhaing ambag, o pagpapasya ng mananaliksik sa pagbubuo ng konsepto, disenyo, pangangalap ng datos, at pagbibigay-kahulugan sa mga resulta. Ang lahat ng output na nalikha sa pamamagitan ng AI ay sumailalim sa masusing pagsusuri, beripikasyon, at rebisyon ng mananaliksik upang matiyak ang integridad sa akademya, orihinalidad, at pagsunod sa pamantayang etikal ng pananaliksik. Ang panghuling interpretasyon, talakayan, at konklusyon na nakapaloob sa pag-aaral na ito ay buong pananagutang gawa ng mananaliksik.

***Pasasalamat -*** Buong puso kong ipinapaabot ang aking taos-pusong pasasalamat sa aking pinakamamahal na asawa, na naging kaagapay sa bawat pagsubok at tagumpay. Sa kanyang walang sawang pag-unawa, paggabay, at pagbibigay-lakas sa akin sa kabila ng pagod at puyat,. Ang iyong pagmamahal at suporta ang nagsilbing sandigan ko upang magpatuloy sa kabila ng mga hamon ng pananaliksik na ito. Sa aking mga minamahal na anak, salamat sa inyong walang kapantay na pasensya at pag-unawa sa mga panahong ako'y abala at wala sa piling ninyo. Kayo ang aking inspirasyon at dahilan upang magsikap at matapos ang gawaing ito. Ang bawat pahina ng pag-aaral na ito ay may kasamang pag-ibig at pag-aalay para sa inyo. Sa aking buong pamilya, salamat sa walang sawang pagmamahal, suporta, at panalangin. Kayo ang nagpatatag sa akin at nagpaalala na ang tagumpay ay higit na matamis kapag ito'y pinagsasaluhan.
Ang tagumpay na ito ay hindi lamang para sa akin, kundi para sa ating lahat.

## 8. References

Adigue, A. P. (2024). Iniibig ko ang Pilipinas: Diskurso at kurso sa panahon ng Artificial Intelligence at implikasyon sa akademiko. International Journal of Research Studies in Education, 13(5), 1-13. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24019

Boden, M. A. (2020). *Artificial intelligence and the creative mind*. Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/oso/9780198861770.001.0001

Braun, V., & Clarke, V. (2006). *Using thematic analysis in psychology*. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Brewster, S. (2021). *Human voice vs. machine echo: The future of poetic expression in the digital age*. Journal of Digital Humanities, 9(3), 112–130.

Floridi, L. (2020). *Artificial intelligence: Philosophical and ethical perspectives*. Oxford University Press.

Hayles, N. K. (1999). *How we became posthuman: Virtual bodies in cybernetics, literature, and informatics*. University of Chicago Press.

LePage, J. (2021*). Rethinking authorship in the age of AI. Digital Literary Studies*, 2(1), 15–29.

Manovich, L. (2022). *AI aesthetics*. Strelka Press.

Manovich, L. (2022*). Cultural analytics*. The MIT Press.

McCormack, J., Gifford, T., & Hutchings, P. (2019). *Autonomy, authenticity, authorship and intention in computer generated art*. Computational Creativity Research. https://arxiv.org/abs/1906.06841

Tirosh, N. (2023). *Artificial intelligence and the future of creative writing*. AI & Society, 38, 923–937. https://doi.org/10.1007/s00146-023-01557-8

Tirosh, N. (2023). *Generative AI and the future of literary creativity*. Journal of New Media Studies, 15(1), 22–39.

Uden, L., & Ching, G. S. (2024). Activity Theory-based Ecosystem for Artificial Intelligence in Education (AIED). International Journal of Research Studies in Education, 13(5), 41-54. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24000

Verbeek, P.-P. (2005). *What things do: Philosophical reflections on technology, agency, and design*. Pennsylvania State University Press.

Villanueva, M. A. (2024). *Pananaw ng mga estudyanteng Pilipino sa paggamit ng AI sa malikhaing pagsulat.* Saliksik: Journal ng Pananaliksik sa Wika at Panitikan, 12(1), 55–72.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.

Zhang, Y., Liu, W., & Chen, T. (2023). *Creative writing with AI: Opportunities and challenges for student writers.* International Journal of Educational Technology and Creativity, 18(2), 88–105. https://doi.org/10.1016/j.ijetcrea.2023.04.